

Ampalaya

Produksyon ng Ampalaya sa Linang

Pamilya *Cucurbitae* – ampalaya, milon, pipino

Sunod-tanim

Magtanim lamang ng mga gulay kagaya ng petsay, labanos, mustasa, kangkong, letsugas, kamatis, talong, sili, at mais matapos mag-ani. Iwasang muling sundan ng parehong pananim kagaya ng ampalaya, milon at pipino.

Panahon at Lupa

Ang ampalaya ay pananim pang tag-init na may temperaturang 20-35° sentigrado. Itinanim ito sa matataas na lugar (higit 100 metro ang taas sa lebel ng dagat). Ang basang lupa dahil sa sobrang ulan at tinitigilan ng tubig ay umaayon sa pagdami ng mga mikrobyo sa lupa na nagiging sanhi ng sakit sa halaman. Mas mainam itong itanim sa ang mabuhanging lupa na mayaman sa organiko.

Paghahanda ng lupang taniman

Linisin at alisin ang damo sa lugar na pagtataniman. Araruhin at gayatin ang linang ng dalawang beses (isang paraan kada linggo) upang madurog at mapantay ang lupa at maalisan ang mga damo.

Ihanda ang mga kama na may 1 metro ang luwang at may pagitang 2.5 metro. Maggawa ng kanal sa paligid ng taniman para daluyan ng tubig.

Pamamahala ng punla

Lagyan ng balag ang halaman 2 linggo makalipas itanim.

Magbaon ng posteng kawayan o ipil-ipil (1.5 metro ang taas) sa kada dulo ng kama at ng bawâ't 2-3 metro ang pagitan.

Sa taas na .5 metro, lagyan ng kawad paayon sa tudling at itali sa poste. Dito itali ang mga sanga ng ampalaya gamit ang pisi.

Kung namumunga na ang halaman, itaas ang mga sanga at huwag hayaan magpatong-patong ang mga dahon para di maging taguan ng mga pesteng kulisap. Talian ang mga nakalawit na sanga lalo na't mabunga upang di ito mabali.



Pananim na punlang ampalaya.



Malusog na ampalaya sa may kilib na organiko.



Balag ng ampalaya

Paglilipat-tanim

Maingat na ilipat-tanim ang mga punlang may edad na 10–15 araw sa mga butas. Iwasang masugatan ang ugat at mapalapit ito sa abono. Sa hapon ang pinakamagandang oras ng paglilipat-tanim upang maiwasang malanta ang mga tanim. Diligan kaagad matapos magtanim.

Pagbabalag

Maglagay ng posteng kawayan, 2 metro ang haba at ibaon kada 5 metro. Talian ng kawad sa bahaging itaas nito upang matibay. Magtali ng *straw* sa kawad upang ito ang magsilbing gapangan ng ampalaya pataas sa balag. Lagyan ng net o pinaglalang kawad ang itaas ng balag upang dito gumapang ang mga sanga ng ampalaya.

Pagbabawas ng sanga

Dalawang linggo makaraang ilipat-tanim, gupitin ang mga supang na sanga na wala pang 1.5 metro ang haba. Gumamit ng matalas at malinis na gunting o anumang pamputol upang di ito pagmulan ng inpeksyon o sakit. Ilubog ito sa 70% na alkohol upang siguruhing ito ay mailinis. Ulitin pagbabawas kung mayroon muling bagong supang.

Pagsusupot ng bunga

Suputan ang mga namuong bunga araw-araw upang di maitlugan ng *fruitfly*. Balutan ng papel o plastik (10cm x 16cm) ang namuong bunga (kapag naging mapusyaw ang dilaw na talulot). Talian ang plastik upang di malaglag o malipad ng hangin.

Pag-aani ng bunga

Ang pag-aani ay simula 45-50 araw makapunla. Ang mga bunga na puwede ng pitasin ay mataba, berde, banat at



Pagsusupot ng bunga upang maiwasan ang pagingitlog ng fruitfly.

makinis na ang balat. Gumamit ng matalas na gunting o kutsilyo pamputol sa tangkay ng bunga. Mabigat ang timbang ng bunga kapag sa umaga namitas kaysa sa hapon. Mamitas ng bunga kada 2-4 na araw upang di mahinog ang bunga. Lagyan ng abonong *complete* (14-14-14) pagkatapos ng unang pitas at tuwing ikalawang linggo.

Pangangalaga sa napitas na bunga

Ang mga pinitas na bunga ay dapat ilagay sa kanlong at di mainitan upang di ito mangupis. Sa pagbiyahe ng ampalaya, sapinan ng dahon ng saging ang mga kahon bago ito isalansan ng ayos. Huwag masyadong siksikin ang lagayan upang di masira ang mga bunga.





Makatapos mag-ani

Alisin o bunutin agad ang mga puno ng ampalaya kung tapos ng anihan. Mahalagang tabunan ito ng lupa sa pag-aararo upang mamatay ang mga peste at sakit at di na kumalat pa sa ibang pananim.



Mga pitas na bunga para pambenta sa pamilihan.

Pamamahala sa pag-aabono, patubig, peste at mga sakit

Yugto ng paglaki ng ampalaya					
	Bago magtanim	Pagpupunla/ paglipat-tanim	Paghaba at paggawang	Pamumulaklak/ Pamumunga	Pamimitas
					
Pag-aabono	Bago maglipat-tanim, lagyan ng abono sa bawat butas na tataniman at ihalo ito sa lupa. Sa paglaki ng halaman, lagyan ng abono 1 pulgada ang layo sa puno ng halaman. Ingtang huwag malagyan ng abono ang mga dahon upang di ito masunog. Ang karagdagang abono ay ilagay kada 2 linggo pagkatapos ng unang anihan. Ilagay ang mga sumusunod na dami ng abono kada puno.				
Panahon ng paglalagay	Paglipat-tanim	2 linggo pagkalipat-tanim	4 na linggo pagkalipat-tanim	6 na linggo pagkalipat-tanim	Karagdagang pag-aabono
Dami ng abono	500 gramo ng kompost o tuyong dumi ng hayop at 10 gramo ng <i>complete</i> (14-14-14 NPK) kada puno	5 gramo ng <i>urea</i> (45-0-0 NPK) at 5 gramo ng <i>complete</i> kada puno ng halaman. Gahukan ang puno at diligin pagkatapos mag-abono.	5 gramo ng <i>complete</i> at 5 gramo ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60). Gahukan ang puno at diligin pagkatapos mag-abono.	5 gramo ng <i>complete</i> at 5 gramo ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60). Gahukan ang puno at diligin pagkatapos mag-abono.	5 gramo ng <i>complete</i> at 5 gramo ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60). Gahukan ang puno at diligin pagkatapos mag-abono.
Pagdilig	Linyahan ng tubo ng patubig ang bawat tudling. Ang agwat ng butas ng tubo ay 25 cm o mas malimit pa. Mainam na basaing mabuti ang lupa upang maganda ang pagtubo ng mga ugat ng halaman. Sa umaga lang magdilig, iwasan magdilig sa hapon upang di magkaroon ng pagkalat ng sakit na amag.				
		Diligan kaagad pagkatapos maglipat-tanim. Basaing mabuti ang lupa.	Magdilig 4-6 na oras o hangga't basa na ang lupa kada 2-3 araw.	Magdilig 2-3 oras o hangga't basa na ang lupa kada 1-2 araw. Huwag hayaang matuyot ang mga halaman.	Magdilig 2-3 oras o hangga't basa na ang lupa kada 1-2 araw. Huwag hayaang matuyot ang mga halaman.
Peste	Regular na bisitahin at tingnan ang mga talbos at dahon ng halaman kung may peste ito. Pisain ang mga itlog at uod, putulin ang mga may <i>leafminer</i> na dahon at bungang may <i>fruitfly</i> bago isilid ito sa supot o ibaon sa lupa. Iwasang magpalipat-lipat sa tanimang may atake ng tungaw upang di ito kumalat. Mag ispray lamang ng rekomendadong pestisidyong kung kinakailangan.				
		<i>Squash beetles, aphids, leafminers</i>	<i>Aphids, squash beetles, whiteflies at leaf folders</i>	<i>Fruitflies, melon worm, aphids</i>	<i>Fruitflies, melon worm, aphids</i>
Sakit	Regular na bisitahin at tingnan kung may mga sintomas ng sakit. Bunutin ang punong may sakit o marahang putulin ang bahaging may sakit na halaman at ilagay ito sa supot na plastik bago ito ibaon. Kailangang laging malinis ang gagamiting pamputul upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Ilubog ito sa 70% alkohol. Mag ispray ng mga pestesidyong rekomendado para sa mga nasabing sakit.				
			<i>Bacterial wilt, Cercospora, downy mildew, at namamarako</i>	<i>Bacterial wilt, Cercospora, downy mildew. at namamarako</i>	<i>Bacterial wilt, Cercospora, downy mildew, little leaf, at namamarako</i>



Applied Horticultural Research Pty Ltd (AHR), the Australian Centre for International Agricultural Research (ACIAR) and NSW Department of Primary Industries (NSW DPI) make no representations and expressly disclaims all warranties (to the extent permitted by law) about the accuracy, completeness, or currency of information in this fact sheet. Users of this material should take independent action before relying on its accuracy in any way. Reliance on any information provided by AHR, ACIAR or NSW DPI is entirely at your own risk. AHR, ACIAR or NSW DPI are not responsible for, and will not be liable for, any loss, damage, claim, expense, cost (including legal costs) or other liability arising in any way from your use or non-use of information in this fact sheet, or from reliance on information AHR, ACIAR or NSW DPI provides to you by any other means.